Pangalan: Ferry “Abdullah” S. Fernandez
Paksa ng Khutbah: “Ang Salah”
Isinaayos ni: Michael ‘Mujahid’ Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
January 26, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلْ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ آل عمران: 102

***“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”*** (Alo ‘Imran: 102)

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, tayong lahat ay nagta-trabaho, nagnenegosyo o nangangalakal, upang matustusan natin ang ating pagkain sa araw-araw at pangangailangan ng ating mga pamilya, na kung saan kapag hindi maghahanap-buhay ang isang tao ay malamang magugutom siya, manghihina, at magkakasakit. Ganoon din na ang kanyang pamilya ay magugutom, manghihina at magkakasakit. Mga alipin ni Allah, kung ang katawan natin ay nangangailangan ng pagkain nang tatlong beses sa araw-araw. Hindi ba't ganoon din na ang ating kaluluwa ay nangangailangan ng pagkain ng pagdarasal ng limang beses sa araw-araw? Ang katawan ng tao ay binubuo ng pisikal na bahagi at ng espirituwal na bahagi. Ang bawat isa sa mga bahaging ito ay nangangailangan ng wastong pangangalaga at pagkain upang manatiling malakas at matatag. Ang pisikal na katawan ay pinapangalagaan sa pamamagitan ng pagkain, tulad ng kanin, tubig, karne, at iba pang mga sustansiya. Ang mga ito ay nagbibigay-lakas at sigla upang maisakatuparan ang mga gawain ng tao sa araw-araw. Ngunit hindi lamang ang pisikal na katawan ang nangangailangan ng sustansiya, maging ang espirituwal na bahagi ng tao ay may pantay na pangangailangan.

Ang espirituwal na bahagi ay may sariling pagkain na nagpapalakas at nagtatanggal ng dumi ng kasalanan. Ang pagkain nito ay ang Salah. Ang Salah ay hindi lamang isang ritwal, ito ay ang pangunahing nutrisyon ng kaluluwa na

nagdudulot ng kalinisan at kalakasan upang manatili tayong matatag laban sa tukso at kasamaan. Tulad ng pisikal na katawan na nangangailangan ng pagkain upang maging malusog, ang espirituwal na aspeto ay nangangailangan din ng regular na Salah upang mapanatili ang kaugnayan sa Tagapaglikha at magkaroon ng kapayapaan ng puso.

Ano kaya ang mangyayari kung ang isang Muslim ay hindi na magsagawa ng Salah? Katulad din siya ng hindi nakakain ng pagkain at manghihina siya. Manghihina ang kaniyang Eeman o pananampalataya. At doon na siya madaling makagawa ng masama, at mas madali siyang udyukan ni Shaytan.

Batay sa sinabi ng Kataas-taasang Allah:

﴿ إِنَّ الصَّلَاةَ تَنْهَى عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنْكَرِ ﴾ آل عمران: 45

***"Katotohanan, ang Salah ay pumipigil sa tao mula sa paggawa ng kalaswaan at kasamaan."*** (Al-'Ankaboot 29:45)

Ang isang Muslim, na kapag hindi siya nakakatupad sa kanyang tungkulin o obligasyon na Salah, siya ay madaling matukso at madaling makagawa ng kasamaan. Ang Salah ay tunay na isang liwanag na tumatanglaw sa buhay ng isang Muslim. Sa kabuuan nito, siya ay itinataguyod nito tungo sa kabutihan at inilalayo siya nito sa kasamaan. Mga alipin ni Allah, huwag na huwag ninyong iwan ang Salah. Huwag nating iwanan ang Salah nang sinasadya. Katotohanan, sinumang mag-iwan ng kanyang Salah nang sinasadya, tunay na walang kinalaman sa kanya ang pangangalaga ni Allah at ng Kanyang Sugo.

Ang pisikal na katawan, upang manatiling malinis at sariwa, ay nangangailangan ng paghuhugas at pagligo. Ang tubig ang nagtatanggal ng dumi mula sa ating balat at nagpapalinis sa ating pisikal na anyo. Ganoon din ang espirituwal na bahagi ng tao. Ang kalinisan ng kaluluwa ay hindi nakukuha sa pisikal na paghuhugas lamang, kundi sa pamamagitan ng Salah. Sa bawat pagyuko, pag-sujud, at taimtim na pagdarasal, natutunaw ang mga espirituwal na dumi tulad ng kasalanan, pagdududa, at kawalan ng pananampalataya. Tulad ng sinabi ni Propeta Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam) na kung may isang ilog sa tabi ng inyong pintuan at doon kayo ay naghuhugas o naglilinis ng limang ulit maghapon, mayroon pa kayang matitirang dumi? Hindi ba't wala nang matitira? Iyan ay katulad ng limang ulit na pagsasagawa ng Salah na kung saan tinatanggal ni Allah ang mga kasalanan.

Si Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay nagsabi:

"إنَّ العبدَ المسلمَ لَيُصَلِّي الصلاةَ، يُرِيدُ بها وجهَ اللهِ؛ فَتَهافَتُ عليه ذُنوبُه، كما تَهَافَتَ هذا الوَرَقُ عن هذه الشَّجَرَةِ." (رَوَاهُ أَحْمَدُ)

*“Ang Muslim na nagsasagawa ng Salah ng dahil kay Allah, ang kanyang mga kasalanan ay nalalaglag katulad ng mga dahon na nalalaglag mula sa (sanga ng) punong kahoy.”* (Inulat ni Ahmad)

Ang pangunahing dahilan kung bakit itatapon ang tao sa Impiyerno ay dahil sa pag-iwan ng Salah. Huwag nating hayaan na tayo ay tanungin sa Araw ng Paghuhukom na tulad ng mga taong tatanungin kung ano ang naghatid sa kanila tungo sa Impiyerno?” Kanilang sasabihin: “Kami ay hindi kabilang sa mga nagsasagawa ng Salah.”

Ang pag-iwan ng Salah na sinasadya ay isang napakalaking kasalanan na nagpapawalang-bisa ng pagiging Muslim ng isang tao, kaya kahit anong mangyayari sa ating buhay ay itaguyod natin ang pagdarasal nang limang beses sa bawat araw.

Sinabi ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam):

"إِنَّ أَوَّلَ مَا يُحَاسَبُ بِهِ العَبْدُ يَوْمَ القِيَامَةِ مِنْ عَمَلِهِ صَلَاتُهُ، فَإِنْ صَلَحَتْ فَقَدْ أَفْلَحَ وَأَنْجَحَ، وَإِنْ فَسَدَتْ فَقَدْ خَابَ وَخَسِرَ." (رَوَاهُ التِّرْمِذِيّ)

*“Tunay na ang unang huhusgahan sa alipin sa Araw ng Paghuhukom mula sa kanyang mga gawain ay ang kanyang Salah, at kung ito ay maayos ay katotohanan na siya'y magtatagumpay, at kung ito nama'y hindi maayos katotohanan na siya'y mabibigo.”* (Inulat ni At-Tirmidhi)

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, ang Salah ay siyang paraan upang maging matatag ang haligi ng ating Eeman (pananampalataya) at ito ay isang paghahanda sa buhay na may layon ng kabutihan at pagtalima kay Allah. At dahil sa palagiang Salah, umuusbong sa ating sarili ang katapatan, makahulugang buhay, kalinisan ng puso, katatagan ng kaluluwa at pagkakaroon ng dangal at moral. Ang Salah ang siyang haligi ng pananampalatayang Islam at ang ugnayan ng isang alipin sa kaniyang Panginoon o Diyos na Tagapaglikha, dahilan kung bakit ito ang pinakadakila sa mga ‘Ibadah (gawaing pagsamba) at pinakamalaki sa katayuan. Tunay na ipinag-utos ni Allah sa isang Muslim ang pangangalaga at pagsasakatuparan nito sa lahat ng kanyang kalagayan, maging siya man ay nananatili sa kanyang sariling bayan o nasa paglalakbay. Nasa kalusugan man o

siya ay nasa karamdaman, nasa Masjid man o nasa bahay ay napakalaking obligasyon ng Salah na ito sa kanya, dahil nilikha lamang tayo ni Allah upang sumamba sa Kaniya.

Sinabi ni Allah:

﴿ وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنسَ إِلَّا لِيَعْبُدُونِ ﴾ الذاريات: 56

***"At hindi Ko nilikha ang mga Jinn at mga tao malibang sila ay sumamba lamang sa Akin."*** (Adh-Dhariyat: 56)

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga kapatid sa Islam, ang buhay sa Mundong ito ay hindi isang pagkakataon lamang. Huwag nating kalimutan na ang ating paghahanda para sa kabilang-buhay ay isang patuloy na proseso. Sa bawat araw na lumilipas, magdasal tayo, itayo ang limang beses na pagdarasal (ang ating Salah), magsikap na magsagawa ng mabubuting gawa, at magsisi sa ating mga kasalanan. Ang kamatayan ng tao ay dumarating sa anumang takdang panahon. Ituring ang ating pagsa-salah bilang ating huling Salah. Kung ang kamatayan ay laging nasa ating isip, tayo ay laging nakapagsasagawa ng Salah nang buong taimtim at buong puso. Sa Araw ng Paghuhukom, ang unang tungkulin na ating pananagutan ay ang ating Salah.

Sinabi ni Allah (Subhanahu wa Ta'ala):

﴿ قَدۡ أَفۡلَحَ ٱلۡمُؤۡمِنُونَ (1) ٱلَّذِينَ هُمۡ فِي صَلَاتِهِمۡ خَٰشِعُونَ (2) ﴾ المومنون: 1-2

***"Katiyakan, nagtagumpay ang mga mananampalataya. Sila ay nagtataguyod ng kanilang Salah na may kataimtiman at ganap na pagpapasakop."*** (Al-Mu'minoon: 1- 2)

Ang Salah ang siyang pinakamahalagang ‘Ibadah, at mayroon siyang ispesyal na katayuan sa Islam, at ang pagpapahalaga nito ay tanda ng pananampalataya kay Allah, at ang pagsusumikap sa pagtataguyod nito at paghahangad ng gantimpala mula rito ay siyang nararapat gawin, kaya't gawin natin ang Salah na ating prayoridad, sapagkat ito ang daan patungo sa tagumpay.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفُوَ فَاعْفُ عَنَّا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***